

# Ang Komisyon ng Enerhiya ng California Pagpapatunay ng Thermal Power Plants

Ang Komisyon ng Enerhiya ng California ay may pananagutan sa sertipikasyon at pagsunod ng mga thermal power plants na 50 megawatts (MW) at mas malaki, kabilang ang lahat ng mga pasilidad na may kaugnayan sa proyekto sa California. Ang nasasakupan ng ahensiya ay sumasaklaw sa mga lupaing pampubliko at pribadong pag-aari.

Sa pamamagitan ng proseso ng sertipikasyon, tinitiyak ng Komisyon ng Enerhiya na ang mga planta ng kuryente at mga kaugnay na pasilidad ay sinusuri nang mabilis at may pahintulot kung sila ay ligtas at katanggap-tanggap sa kapaligiran.

## Pagtatasa sa mga Epekto ng Power Plants

Upang bumuo ng mga bagong thermal power plant sa California na 50 MW at mas malaki, kinakailangang mag-file ng isang application for certification (AFC) na naglalarawan ng iminungkahing proyekto, ang umiiral na kapaligiran, inaasahang mga epekto sa kapaligiran, mga hakbang para maalis o ma-minimize ang mga epekto, at pagsunod ng proyekto sa lahat ng naaangkop na batas, ordinansa, regulasyon at pamantayan (LORS).

Sa sandaling matanggap, ang Komisyon ng Enerhiya ay magsisimula ng isang-taong proseso ng transparent certification. Ang unang hakbang ay pagtukoy ng Komisyon ng Enerhiya ng sapat na impormasyon na isusumite para masuri ang AFC. Pagkatapos ay magtatalaga ang Komisyon ng Enerhiya ng isang komite na may dalawang Komisionero upang mamahala sa mga pagsisiyasat at pagsusuri ng paglilitis.

Ang susunod na hakbang ay ang bahagi ng pagtuklas ng impormasyon kung saan ang kawani ng Komisyon ng Enerhiya ay nagbigay ng mga data requests sa developer ng proyekto para sa karagdagang paglilinaw ng AFC. Ang mga pampublikong workshop ay gaganapin upang talakayin ang mga kahilingan at tugon ng developer. Sa bahaging ito, ang publiko ay maaaring magsabi ng mga alalahanin na may layunin na alamin ang damdamin ng nakararami tungkol sa mga suliranin na naipahayag sa panahon ng proseso.

Ang mga pagbisita sa lugar ay isinasagawa ng Komisyon ng Enerhiya at ang mga pagdinig sa pampublikong impormasyon ay ginaganap upang mas mahusay na maipagbigay-alam ang desisyon ng ahensiya sa isang proyekto.

Matapos makumpleto ang pag-aaral nito, ang kawani ng Komisyon ng Enerhiya ay naglathala ng paunang pagtatasa ng mga kawani. Ang mga komento ng publiko ay kinalap, at ang mga sagot ay isinama sa huling pagtatasa ng mga tauhan, na sinusundan ng mga evidentiary hearings sa mga natuklasan.

Batay sa pag-aaral at evidentiary hearings, ang nanunungkulang Komisionero ay nagmungkahi ng desisyon sa proyekto. Pagkatapos ng panahon ng pampublikong komento, isang binagong iminungkahing desisyon ang ihaharap sa buong Komisyon ng Enerhiya para sa huling boto ng Komisyon sa isang business meeting.

## Pagtutugma at Pagpapabuti

Ang proseso ng sertipikasyon ng proyektong ng Komisyon ng Enerhiya ang pumalit sa mga permit ng lokal at estado na pangkaraniwang kinakailangan para sa mga proyektong thermal power plant na 50 MW at mas malaki. Ang proseso

ay nangangailangan ng paglinya at pagsasama ng iba pang mga lokal, estado, at pederal na ahensiya na nagpapahintulot sa environmental permitting processes at nagpapasya upang maisama sila sa proseso ng sertipikasyon ng Komisyon ng Enerhiya.

May mga pagkakataon na kailangan ng mga developer ng proyekto na makakuha ng mga karagdagang pag-apruba matapos masertipikahan ng Komisyon ng Enerhiya. Depende ito sa mga pangwakas na disenyo at maaaring isama, halimbawa, ang pagkuha ng road encroachment permit at isang Federal Prevention of Significant Deterioration permit.

## Pakikilahok

Sa buong proseso ng sertipikasyon, ang mga tauhan ng Komisyon ng Enerhiya ay gumaganap bilang isang independiyenteng partido. Ang papel ng kawani ay upang magbigay ng komprehensibong pagsusuri at rekomendasyon ng mga dalubhasang eksperto sa nakatalagang komite ng proyekto, na isinasaalang-alang ang mga rekomendasyon at patotoo mula sa mga tauhan, ang aplikante ng proyekto, mga tagapamagitan, at iba pang mga kalahok.

Sa mga kalahok na ito ay maaatin kabilang ang Pampublikong Tagapayo ng Komisyon ng Enerhiya, mga indibidwal at mga grupo ng komunidad, at kawani ng ahensiya na kumakatawan sa mga ahensiya ng gobyernong lokal, panrehiyon, estado at pederal na may pahintulot na tungkulin o pangkalahatang interes sa proyekto.

Ang mga kalahok ay maaaring mag-aplay para sa estado ng tagapamagitan upang makatanggap ang lahat ng mga pag-file ng proyekto at ng pagkakataon na magpakita ng patotoo at i-cross-examine ang mga testigo. Ang mga tagapamagitan ay kadalasang kinabibilangan ng mga indibidwal, kapitbahayan at mga grupo ng komunidad, mga lokal na pamahalaan, mga tagapagtaguyod ng pampublikong interes para sa proteksyon sa kapaligiran at mga mapagkukunan ng napanunumbalik na enerhiya, ang kakumpitensya ng mga aplikante ng proyekto, at mga grupo na kumakatawan sa organisadong paggawa na kasangkot sa pagtatayo ng proyekto.

## Pagsunod sa Sertipikasyon

Ang mga sertipikadong power plant ay napapailalim sa proseso ng pagsunod sa Komisyon ng Enerhiya, kasama ang pagsusuri sa mga plano ng pagtatayo, mga plano upang mabawasan ang mga epekto ng kapaligiran, at pagpapatupad ng mga pinagtibay na kondisyon ng sertipikasyon para sa pagpapatuloy ng proyekto.

Sa panahon ng pagtatayo, Ang Komisyon ng enerhiya ay maglalagay ng kinatawan na opisyal na pinuno ng pagtatayo na susubaybay sa pagsunod ng pasilidad sa California Building Code at ang desisyon ng Komisyon ng Enerhiya. Susubaybayan ng Komisyon ng Enerhiya ang site at mga istruktura upang protektahan ang mga tao at likas na yaman ng California.

Sa sandaling tumatakbo ang power plant, ang Komisyon ng Enerhiya ay patuloy na susubaybay sa proyekto para sa pagsunod sa bawat kondisyon at pag ayon sa lokal, estado, at pederal na LORS.

Ang Komisyon ng Enerhiya ang mangangasiwa rin sa mga gawain ng pagsasara ng planta ng kuryente at pagpapanumbalik ng site. Kung ang may-ari ng proyekto ay naghain ng petisyon para sa pagbabago ng huling desisyon ng Komisyon ng Enerhiya sa proyekto, kinakailangang suriin ng Komisyon ng Enerhiya ang mga iminumungkahing pagbabago sa isang bukas na proseso sa publiko. Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring mag-file ng mga reklamo o humiling ng mga pagsisiyasat ng mga power plants sa panahon na nagpapatuloy pa ang isang proyekto upang matiyak na ang proyekto ay sumusunod sa mga naaangkop na LORS. Ang mga reklamo at pagsisiyasat ay bukas sa pansin ng publiko.

Tinitiyak ng certification ng thermal power plant at mga proseso ng pagsunod sa Komisyon ng Enerhiya na ang mga proyekto ay sinusuri sa isang bukas na proseso, ang mga epekto sa kapaligiran ay binabawasan at pinagaan, at ang mga proyekto ay sumusunod sa mga naaangkop na LORS. Ang mga prosesong ito ay nagpoprotekta sa mga likas na yaman at komunidad ng California habang pinanatili ang pagiging maaasahan ng kuryente para sa lahat ng taga-California.

**Edmund G. Brown Jr.**  
Governor

**Robert B. Weisenmiller, Ph.D.**  
Chair

**Drew Bohan**  
Executive Director

Commissioners  
**Karen Douglas, J.D.**  
**David Hochschild**  
**J. Andrew McAllister, Ph.D.**  
**Janea A. Scott, J.D.**



**CALIFORNIA**  
**ENERGY COMMISSION**

[energy.ca.gov](http://energy.ca.gov) | [facebook.com/CAEnergy](https://facebook.com/CAEnergy) | [twitter.com/calenergy](https://twitter.com/calenergy)